

## **Mga bakuna laban sa COVID-19 – Impormasyon sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho para sa mga manggagawa**

### **Maaari ba akong puwersahing magpabakuna?**

Hindi ka maaaring puwersahing magpabakuna o sumailalim sa anumang prosesong-medikal na laban sa iyong kagustuhan.

Gayunpaman, sa ilang mga kaso, maaaring mayroong mga [public health orders](#) (mga kautusan ng pampublikong kalusugan) na mangangailangan sa iyo na mabakunahan upang makapagtrabaho sa industriyang may mataas na panganib. Magsapanahon sa mga payo ng inyong ahensya ng kalusugan.

### **Maaari bang iutos ng aking tagapag-empleyo na mabakunahan ako laban sa COVID-19 sa ilalim ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho?**

Para sa karamihan ng mga manggagawa, ang iyong tagapag-empleyo ay hindi maaaring mag-utos na ikaw ay mabakunahan sa ilalim ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

Gayunpaman, maaaring may mga eksepsiyon, lalo na kung ikaw ay nagtatrabaho sa mga industriya na may malaking panganib ng pagkalantad. Maaari ring may mga tiyak na [public health orders](#) na kakailanganing mabakunahan ka.

Kung iutos ng iyong tagapag-empleyo na ikaw ay magpabakuna, dapat ka nilang bigyan ng impormasyon at mga materyales upang ikaw ay makagawa ng may-kaalamang desisyon. Makipag-usap sa iyong doktor kung may mga alalahanin ka. Kontakin mo ang inyong [work health and safety regulator](#) (tagapangasiwa ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho), health and safety representative (HSR – Kinatawan ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho) o samahan ng mga manggagawa para sa tulong.

Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa lugar ng trabaho, makipag-usap sa [Fair Work Ombudsman](#).

### **Paano naman ang aking tungkulin bilang isang manggagawa sa ilalim ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho? Ibig sabihin ba nito ay kailangan kong magpabakuna?**

Bilang isang manggagawa, dapat mong pangalagaan nang makatwiran ang iyong sarili at huwag gagawa ng anumang bagay na aapekto nang masama sa kalusugan at kaligtasan ng ibang tao sa trabaho. Dapat mong sundin ang mga makatwirang tagubilin tungkol sa kalusugan at kaligtasan mula sa iyong tagapag-empleyo hangga't makatwiran mong magagawa ito.

Kung may umiiral na isang batas o kautusan sa pampublikong kalusugan na nangangailangan sa iyo na magpabakuna, maaaring kailangan mong magpabakuna upang magtrabaho, o magpatuloy na magtrabaho, sa industriyang iyon.

### **Kailangan ba akong kausapin ng aking tagapag-empleyo bago iutos ang pagbabakuna sa aking lugar ng trabaho?**

Oo. Kung pinag-iisipan ng iyong tagapag-empleyo ang sapilitang polisiya ng pagbabakuna, dapat silang kumonsulta sa iyo at sa inyong kinatawan ng kalusugan at kaligtasan, kung mayroon nito, bago magsagawa ng anumang aksyon. Dapat mong sabihin sa kanila na may dahilan kung bakit hindi ka maaaring mabakunahan.

### **Nabakunahan na ako. Kailangan ko pa bang gumawa ng iba pang mga pag-iingat gaya ng pisikal na pagdistansya at paghuhugas ng kamay?**

Oo. Ang isang ligtas at mabisang bakuna ay isang bahagi ng pagpapanatiling ligtas at malusog ang komunidad. Ipagpatuloy na gawin ang mga hakbang na ito upang mahadlangan ang pagkalat ng COVID-19:

- sundin ang mga kautusan ng pampublikong kalusugan
- huwag pumasok sa trabaho kapag masama ang iyong pakiramdam, may mga sintomas ng COVID-19, o nasabihang manatili sa bahay ng mga opisyal ng kalusugan
- gawin ang lahat ng makatwiran mong makakaya upang magtrabaho nang ligtas, kabilang ang pagsunod sa mga pangkontrol sa COVID-19 gaya ng pisikal na pagdistansya at paglilinis
- sundin ang mga tagubilin
- magtanong kung hindi mo tiyak kung paano isasagawa ang trabaho nang ligtas
- gumamit ng personal protective equipment (PPE-personal na kagamitang pamprotekta) gaya ng mga guwantes sa paraang sinanay at tinuruan ka sa paggamit nito
- mag-report sa iyong superbisor o kinatawan ng kalusugan at kaligtasan tungkol sa anumang di-ligtas na mga sitwasyon

### **Karagdagang impormasyon**

- [Health and vaccines information – Department of Health](#) (Impormasyon sa kalusugan at mga bakuna – Kagawaran ng Kalusugan)
- [Work health and safety - Safe Work Australia](#) (Kalusugan at kaligtasan sa trabaho – Safe Work Australia)
- [Workplace rights – Fair Work Ombudsman](#) (Mga karapatan sa lugar ng trabaho – Fair Work Ombudsman)